


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan – Modyul 4:
## Tulong Ko, Alay Sa Iyo



Pangalan ng Mag-aaral:______________________________

Baitang at Seksyon:________________________________

Paaralan:_________________________________________



## Alamin

Magandang araw mga minamahal na mag-aaral!

Sa panahon ngayon nakikita natin na maraming buhay ang nawawala, kabuhayan na nasira,mga tao na naghihirap dahil sa iba't ibang kalamidad tulad ng lindol, bagyo, baha, sunog at iba pa na nararanasan ng karamihan sa atin. Dito din natin nakikita kung paano ipinadadama ng kapwa natin Pilipino ang pagmamahal sa pamamagitan ng pagpapaabot ng kahit anong tulong na makakaya.

Learning competency:

1. Nakakapagpapakita ng tunay na pagmamahal sa kapwa tulad ng pagtulong sa panahon ng kalamidad.

Code: **EsPD-IVa-d-14**



## Subukin

Panuto: Basahin ng Mabuti ang mga tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Inaya ka ng mga kaklase mo na pupunta sa Evacuation Center ng inyong barangay para tumulong sa pamamahagi ng mga relief goods para sa mga nasunugan mong mga kabarangay.

   Ano ang dahilan kung bakit pupunta?

   A. Pupunta ka dahil gusto mong makatulong.
   B. Pupunta ka dahil pupunta ang matalik mong kaibigan.
   C. Pupunta ka dahil nandoon din ang crush mo.
   D. Pupunta ka pero titingin ka lang sa kanila.

2. Marami kayong mga kumot na maayos pa ngunit hindi na ginagamit. Narinig mo na gumuho ang lupa sa kalapit ninyong barangay at may ilang mga bahay na napinsala. Natabunan ang kanilang mga bahay at sila ay nanununulauyan lamang sa mga ginawang tent.

   Ano ang gagawin mo?

   A. Huwag pansinin ang narinig.
   B. Mamamalagi lang sa loob ng bahay at manood ng telebisyon.
   C. Hihingi ng permiso sa nanay na ibibigay ang mga kumot.
   D. Pupunta sa pinangyarihan at makikiusyoso.

3. Ano ang gagawin mo kung ang mga kaibigan mong Girl Scout ay nag organisa ng isang *fund raising* para sa mga nasalanta ng bagyong Ulysses?

   A. Makibahagi sa inorganisang fund raising.
   B. Hindi muna sasama sa kanilang mga lakad.
   C. Magbibingi-bingihan sa mga narinig.
   D. Sila na lang, marami naman sila.

4. Nakita mong may dalang mga damit ang kapitbahay mo at papuntang Barangay Hall. Narinig mo na ibibigay niya ito sa mga biktima ng baha.

   Alin ang dapat mong gawin?

   A. Hindi magpapahuli sa kapitbahay at magdadala rin ng mga damit.
   B. Magdala ng mga gamit na hindi na mapapakinabangan.
   C. Magkunwaring walang nakita.
   D. Tularan ang ginawa ng kapitbahay.

5. Nagkaroon ng lindol habang kayo ay nasa paaralan.

   Bilang isang iskawt, paano ka makakatulong sa iyong mga kaklase?

   A. Tatakbo palabas at iwanan ang mga kaklase.
   B. Sisigaw at magtatago sa ilalim ng mesa.
   C. Gawin ang “duck, cover and hold” para sumunod ang iyong mga kaklase.
   D. Magkunwaring walang nangyayari sa paligid.

| Modyul 4 | Tulong Ko, Alay Sa Iyo |
|---|---|

Sa araling ito, iyong ay matutunan kung paano maipapakita ang tunay na pagmamahal sa kapwa tulad ng pagtulong sa panahon ng kalamidad.  Ang pagtutulungan ay tanda ng pagmamahalan. Mahalaga na malaman habang bata pa ang kahalagahan at kahulugan nito.




## *Balikan*

Sa gawaing ito, babalikan natin ang iyong natutunan ukol sa pagmamahal sa kapwa  tulad ng pagkalinga at pagmamalasakit.

Panuto: Magbigay ng tatlong (3) halimbawa na nagpapakita ng pagkalinga at pagmamalasakit. Isulat sa loob ng bilog ang iyong sagot

1.
2.
3.



**Source:** Holding something Free Photo: Freepik.com



## *Tuklasin*

Gawain: Basahin ang dyalogo ni Gng. Santos at ng kanyang mga mag-aaral.

**Tulong sa mga Nangagailangan**

Nagkaroon ng pagpupulong sa klase ni Gng. Santos. Ito ay dahil sa nararanasang pagbaha sa kalapit nilang barangay dahil sa bagyong *ulysses.*

Gng. Santos: Mga bata, nalaman natin na ang isang barangay na malapit sa atin ay binaha. Nakita naman ninyo sa balita na nawalan sila ng mga bahay at wala silang naisalba na mga kagamitan. Ngayon, paano natin sila matutulungan?

Annabelle: Maam, maari tayong bumuo ng *Love Drive* Tulad ng ginawa na natin noong pasko para sa mga batang nangangailangan ng tulong. Magsisimula tayo Maam sa ating klase.

Gng. Santos: Magandang ideya Annabelle! Nagawa na natin noon, siguradong magagawa natin ngayon. Pangungunahan mo ang gagawin nating *Love Drive* dahil ikaw ang presidente ng inyong klase.

Nina: Ako po Ma'am, ay magdadala ako ng mga damit na pinaglumaan ko na at hindi ko na ginagamit pero maayos pa.

Daniel: Siguro Maam, dahil may botika kami, magpapaalam po ako sa Nanay ko na magbibigay ako ng mga gamot.

Pepe: Banig at kumot ang aking dadalhin.

Gng. Santos: Salamat mga bata sa inyong kooperasyon. Maaari na ninyong simulan ang paghahanda upang makapagpaalam tayo sa ating punong-guro.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang magandang katangiang ipinapakita ng mga bata sa dyalogo?
   ________________________________________
2. Bakit mahalaga ang pagtutulungan sa panahon ng kalamidad?
   ________________________________________
3. Paano maipapakita ang pagmamahal sa kapwa sa panahon ng kalamidad? Magbigay ng halimbawa.
   ________________________________________



## *Suriin*

Likas na sa ating mga Pilipino ang pagiging matulungin sa kapwa lalo na sa panahon ng sakuna at kalamidad. Ang pagtulong sa kapwa ay kinaugalian na ng maraming mga Pilipino. Ito ay isang kaugaliang minana pa natin sa ating mga ninuno na dapat pagyamanin.Hindi natin kayang tingnan ang ating kapwa na naghihirap at nagdurusa.Humahanap tayo ng mga paraan kung paano natin sila matutulungan.Ang makitang masaya at nasa mabuting kalagayan ang kapwa dahil sa ating pagtulong ay sapat ng kapalit. Ito ay nabibigyang kahulugan kung ito ay nagmumula sa ating puso at ginagawa natin dahil sa ating pagmamahal sa kapwa.



## *Pagyamanin*

Paano mo maipapakita ang tunay na pagmamahal sa kapwa sa panahon ng kalamidad?

Panuto: Piliin ang tamang sagot sa kahon at isulat sa loob ng bilog.

Pagpapakain sa mga biktima ng bagyo

pagboboluntaryong magdala ng maiinom sa mga biktima ng baha


Pagbebenta ng mga pinaglumaang damit sa mga nasunugan

Panonood ng balita sa telebisyon

Pag-aalay ng taimtim na dalangin para sa mga biktima ng kalamidad

Pakikinig sa daing ng mga biktima

Pagiging daan na mabigyan ng tulong ang mga biktima ng kalamidad





## *Isaisip*

Panuto: Basahin ang maikling usapan at sagutin ang mga tanong tungkol dito.

Araw ng Sabado at katatapos lang manalasa ng bagyong Siony. Nagkaisa ang mga batang Iskawt na maglinis sa mga estero ng kanilang barangay.

Lito: Mga kasama, wala ba kayong napansin sa ating paligid?

Karl: Oo nga, ang daming basurang natambak sa ating mga estero kaya hindi na dumadaloy ang tubig nito.Ito ang dahilan kaya bumaha sa atin.

Luis: Wala naman tayong ginagawa ngayon,mabuti pang tumulong tayo sa paglilinis sa halip na maglaro buong araw.

Nilo: Magandang ideya yan. Darating ang iba pa nating kaibagang Iskwat! Magtulungan tayo sa paglilinis ng ating mga estero.

Dino: Para madali tayong matapos, kailangan tig limang dipa ang dapat nating malinis.

Nilo: Sige, pagkatapos nating maglinis maghahanda naman tayo ng makakain para sa mga batang nasa evacuation center.

Jim: Gusto ko yan.

Nag-usap-usap ang magkakaibigang Iskawt nang dumating ang iba pang batang Iskwat. Nagtutulong-tulong sila sa paglilinis ng mga estero sa kanilang lugar. Tuwang-tuwa ang kanilang mga kabarangay lalo na ang kanilang mga magulang dahil sa kanilang magandang ipinakita.

Mga tanong:

1. Ano ang napagkaisahang gawin ng mga batang Iskawt?
   ________________________________________________
2. Ano ang katangiang taglay ng mga batang Iskawt sa usapang nabasa?
   ________________________________________________
3. Kaya ba ninyong gawin ang ginawa ng mga batang Iskawt ?Bakit?
   ________________________________________________
4. Kung lahat ng bata ay katulad ng mga batang Iskawt, ano ang mangyayari sa ating pamayanan?
   ________________________________________________
5. Bilang mumunting mamamayan, paano kayo makakatulong sa panahon ng kalamidad?
   ________________________________________________



## *Isagawa*

Panuto: Masdan ang larawan. Gumawa ng maikling talata kung paano ka makatutulong sa kapwa sa ganitong sitwasyon.



*Source: GFDL, https://en.wikipedia.org/w/index.php?curid=13868751*

**Rubrics sa Pagmamarka**

| | 5 | 4 | 2 |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Naipapahayag nang malinaw sa talata ang opinyon | Hindi masyadong naipahayag sa talata ang opinyon. | Malayo sa paksa ang nasulat na talata. |
| Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat ng talata.Nagkasunod-sunod ang mga ideya | Maayos ang pagkasulat. | Hindi maayos ang pagkasulat |



## *Tayahin*

Panuto: Piliin ang kilos na nagpapakita ng tunay na pagmamahal sa kapwa tulad ng pagtulong. Isulat ang titik ng iyong sagot sa patlang.

_______1. Nasunugan ang isa mong kaklase at wala silang naisalbang gamit.

Ano ang maari mong gawin?

A. Huwag siyang papansinin.
B. Magbibigay ng mga damit na maayos pa ngunit hindi na ginagamit.
C. Ang guro na ang bahalang magbigay.
D. Hindi ka na magbibigay. Marami namang kaklase mo ang nagpahatid na ng tulong.

_______2. Magpapakain para sa mga nasalanta ng bagyo ang organisasyon ng mga kabataan sa inyong barangay.

Ano ang gagawin mo?

A. Tutulong sa paghahanda para sa mga nasalanta.
B. Uuwi na lang at matulog.
C. Tutulong sa ibang pagkakataon.
D. Makikikain sa inihanda para sa mga nasalanta.

_______3. Alin ang nagpapakita ng totoong pagtulong?

A. Kukuha ng mga *de lata* sa tindahan ng nanay mo nang hindi nagpapaalam upang ibigay sa mga nasalanta ng lindol.
B. Kukunin ang alkansya ng inyong bunso para ibigay sa mga nasunugan.
C. Hihingi ng gamot sa inyong pagmamay-aring botika para ibigay sa mga biktima ng baha.
D. Para masabing matulungin, ibibigay mo sa mga biktima ng pagputok ng bulkan ang iyong damit.

_______4. Ano ang maaari mong gawin para sa mga biktima ng lindol?

A. Sumali sa mga isinasagawang proyekto ng inyong barangay.
B. Isipin na ang gobyerno ang may tungkuling tumulong sa mga biktima.
C. Manood lamang sa TV ng mga nasalantang lugar.
D. Hindi papansinin ang mga pangyayari sa mga nasalantang pook.

_________5. Katatapos lamang ng bagyo.Nakita mo na sama-samang naglilinis ang mga tao sa inyong pamayanan.

Ano ang gagawin mo?

A. Magtago sa loob ng bahay.
B. Maglalaro sa inyong bakuran.
C. Manood sa  mga naglilinis.
D. Tutulong sa paglilinis sa abot ng makakaya



## ***Karagdagang Gawain***

Panuto: Gumuhit ng isang larawan na nagpapakita ng tunay na pagmamahal sa kapwa tulad ng pagtulong sa panahon ng kalamidad.

**Rubrics sa Pagmamarka**

| Krayterya | 5 | 4 | 3 |
|---|---|---|---|
| Pagkamalikhain | Lubos na nagpamalas ng pagkamalikhain | Naging malikhain sa paghahanda | Hindi naging gaanong malikhain sa paghahanda |
| Presentasyon | Lubhang naging malinaw ang paghahatid ng mensahe | Naging malinaw ang paghahatid ng mensahe | Hindi gaanong malinaw ang paghahatd ng mensahe |
| Kaangkupan sa Paksa | Angkop na angkop ang larawan sa paksa | Angkop ang larawan sa paksa | Hindi gaanong angkop ang larawan sa paksa. |



## *Sanggunian*


Peralta, Gloria A. EdD at Zanaida R. Ylarde, Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon 5, Quezon City, Vibal Group Inc. 2016

Benedicta T. Bernardino-Gomez, Mga Banghay-Aralin sa Character Education 2,

Asignatura sa Filipino..” filipinoforfilipinos”October 31, 2016, https://filipinoforfilipinos.blogspot.com/2016/10/rubric-sa-ginawang-isloganposter.html

GFDL, https://en.wikipedia.org/w/index.php?curid=13868751

Holding something Free Photo: Freepik.com

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Maricris T. Pantollana
Crossing Sta. Clara Elementary School
Naga District

Editor: Randolf O. Morada
Ma. Lilia E. Fernandez
Lovely E. Dolorosa

Tagasuri: Maricel L. Tercio
Ronald K. Manlupig

Mona Lisa M. Babiera, Ed.D - EPS
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:

Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A. Santisas
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*